




Doble ang saya sa mga gawaing pampamayanan !

Sa isyung ito atin nakapanayam si G. Shu Yunhao, kabahagi sa mga gawaing pansibiko sa lungsod ng Nagahama.



Dumating ako sa Japan mula Wuxi, China 13 taon na ang nakakaraan. Ang aking ama ay isang Kusinerong Intsek na nagtatrabaho sa Kyoto mula noong ako ay nasa ika-3 baitang sa elementarya. Dahil dito, sinimulan kong mag aral ng Nihongo nung nasa ika-3 taon ako

sa senyur hayskul at nagpunta na ng Japan pagkatapos grumadweyt. At pagkatapos kong makapag aral ng 6 na buwan sa isang Japanese language school, nagpasya akong mag-aral ng byolohiya at pumasok sa Unibersidad ng Nagahama para sa kursong Hayagham/Bio-Science. Nung una, kahit nahirapan man akong intindihin ang mga aralin sa unibersidad, ngunit sa pagkakaroon ko ng mga kaibigang hapon kalaunan unti-unti na rin akong nasanay sa wikang hapon. Pagkatapos kong makumpleto ang aking undergraduate degree, nagpatuloy ako sa pagsasaliksik ng mga protina sa programang pang masteral at doktorat. At simula nitong nakaraang taon, nagturo ako ng mga eksperimento sa mga estudyante bilang isang assistant professor sa Departamento ng Hayagham/Bio-science.

Gusto kong subukan ang lahat, marami akong mga libangan, mula sa panunood ng mga pelikula, pagbabasa ng manga hanggang sa snowboarding. Nagawa ko rin ang “Biwaichi,” isang cycling trip sa paligid ng Lawa ng Biwa. Habang nag aaral, nagtrabaho din ako bilang isang part-timer kasama na dito ang 7 taon kong pagtrabaho sa isang restawran ng ramen, kung saan natutunan kong mabuti ang paraan simula sa paggawa ng pansit-hapon/ noodles. Nagtrabaho din ako sa isang café kung saan inihahanda ko ang isang malambot na sorbetes/soft-served ice cream. At simula nitong nakaraang 3 taon, nagsimula akong sumali sa “Nagahama-shi Tabunka Kyosei Machizukuri Shimin Kaigi (Nagahama Citizen’s Council for Multicultural Community Development)”. Sa totoo lang sa unang pagpupulong ay nagulat ako na ang lokal na pamahalaan ay labis na nag-iisip tungkol sa kung papaano susuportahan ang mga dayuhang residente. Bagama’t hindi ito masyadong napapansin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, subalit gumagawa ang lungsod ng mga hakbangin para sa kapakanan ng mga dayuhan, tulad ng paghahanda ng mga interpreter at mga isinalin-wika na mga materyales. Nagdadaos din ang lungsod ng mga kaganapan kung saan maaaring makipag-ugnayan sa isa’t isa ang mga mamayang dayuhan at hapones na madalas ko din sinasalihan. Nitong mga nakaraan, sumali ako sa “paggawa ng onigiri/kanin bola” kasama ang mga internasyonal na estudyante. Nagkaroon din kami ng isang masayang “Paglilinis sa may baybayin ng Biwako” nakahukay kami ng mga malalaking basura sa mabuhanging dalampasigan nito.

Hanggang ngayon, isa sa napansin ko sa pagsali sa mga iba’t ibang kaganapan ay kadalasan ang mga sumasali ay halos pare-parehong lamang wala itong pagkakaiba-iba. Kadalasan sa mga dayuhan ay nakikipag-ugnayan lamang sa kapwa nila at hindi rin madali sa kanila ang sumali sa mga kaganapan ng lokal na pamahalaan. Ganun din ang naramdaman ko dati “Iniisip kong kawili-wili ang mga kaganapan” ngunit walang lakas ng loob gumawa ng unang hakbang. Subalit, nung sumali na ako, masaya akong makilala ang mga hapones at nagustuhan ko na rin ang mga kaganapan. Napakahalaga ang pakikipag ugnayan sa pagitan ng mga mamayan lalo na para sa mga taong nagmula sa iba’t ibang bansa upang makapamuhay ng sama-sama ng may pagkakaisa, maari itong umpisahan sa simpleng pagsali at tamasain ang saya sa kaganapan. Sa ngayon, sa tingin ko ang pagsisikap ng mga hapones na makabuo ng isang pamayanang komportable para sa mga dayuhan ay nasa isang panig lamang. Pinagsisikapan pamunuan ng mga hapones ang makabuo ng isang pamayanang komportableng matitirahan ng mga dayuhan, ngunit sa tingin ko ay hindi magiging matagumpay ang mga bagay maliban nalang kung ang mga dayuhan mismo ay aktibong susubukan din ang kanilang makakaya. At dahil hindi maiiwasan na meron maraming mga hapones na dadalo, may posibilidad na makaramdam ang mga dayuhan ng pagkagulat. Kaya iminumungkahi ko bakit hindi tayong mga dayuhan ang mag imbita sa mga hapones sa ating mga kaganapan?segurado akong maraming mga hapones ang matutuwa at magkakaroon ka pa ng maraming mga kaibigan.

Ang pagsali ko sa mga kaganapan ang siyang nagdala sa akin na makilala ako ng mga tao, pagkatapos kong magpatala bilang isang boluntaryo ng bayan, naging bahagi na ako ng isang malakihang mga aktibidad. Kasalukuyan nabigyan ako ng mga pagkakataon na makasalamuha ang mga taong nagmula sa iba’t ibang bansa, mabata man o matanda, babae at lalaki, sa pamamagitan ng pagtulong sa mga aralin sa “Klase ng Wikang Intsek at Wikang Hapon at “Klase sa pambata para sa mga batang dayuhan. Ginagawa ko ang mga aktibidad na sa tingin ko ay kapaki-pakinabang na walang labis na pag-aalala kung tama ba ito at kung sa tingin ko may isa o higit pa sa isa na magandang bagay na kapupulutan dito ay kuntento na ako. Seguro mas pinipili ko kasing kalimutan ang hindi magagandang karanasan at nakatuon lang ako doon sa magagandang bagay. Aliw na aliw talaga ako sa mga aktibidad at sa tingin ko nasisiyahan ako sa pakikipag usap sa mga tao.

Ang mundo at ang buhay ay may kaakibat na saya at lungkot, pero kung ang pananaw natin ay positibo, segurado may masasayang bagay ang naghihintay sa atin. Lumabas at hanapin natin ang mga bagay na makapagpapasaya sa atin at lubusang tamasahin natin ang ating buhay!

Interpretasyon*Tanggapan ng Konsultasyon para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga

Tandaan: Ang Ja (Hapon), Pt (Portuges), Es (Espanyol), En (Inglis), Vi (Vietnam), Zh (intsek), Tl (Tagalog)

ICT (AI aparatu para sa pagsasalinwika at remote na interpretasyon)

Lugar	Tanggapan	Wika	Araw/Oras ng Pagsangguni		Telepono
Otsu	Munisipyo Kikaku Chosei-ka	En, ICT	Lun~Biy	9:00am- 5:00pm	077-536-5612
	Otsu Int'l Goodwill Association Libreng pribadong konsultasyon sa mga dayuhan/ Asuto Hamaotsu	Ja lamang	Ika-2 Miy	5:30pm, 6:15pm, 7:00pm (Kailangan ng reserbasyon)	077-525-4711
Hikone	Hikone Foreign Residents Support Center (<i>Hikone Gaikokujin Sodan Center</i>) ①Munisipyo 3F Jinken Seisaku-ka	Pt, En, ICT	Lun~Biy	9:00am- 4:45pm	0749-30-6113
		Zh,	Mar, Biy (Miy)		
		Vi	Mar, Huw, Biy		
	②Chuo-cho bekkann 1F	En, ICT	Lun~ Biy	9:00am- 4:45pm	0749-22-5931
Nagahama	Munisipyo Shimin-ka	Pt, Es, En, ICT	Huw	9:00am-7:00pm	0749-65-8711
		Vi	Lun~Miy, Biy	9:00am- 4:45pm	
	Nagahama-shi Tabunka Kyosei Kokusai Bunka Koryu House GEO	Ja lamang	Araw-araw (maliban sa Huwebes) 10:00am- 6:00pm		0749-63-4400
Omi-hachiman	Munisipyo 2F Omihachiman Int'l Association	Pt, En, ICT	Lun~Biy	9:00am- 4:45pm	0748-26-7092
Kusatsu	Munisipyo 2F Machizukuri Kyodo-ka	En, ICT	Lun~Biy	9:00am- 4:00pm	077-561-2337
Moriyama	Moriyama Int'l. Friendship Assn. <i>Moriyama Shimin Koryu Center</i>	En, ICT (Isangguni muna)	Lun~Biy	9:00am- 4:30pm	077-583-4653
Ritto	Munisipyo 3F Ritto Int'l. Friendship Assn. <i>(Ritto Kokusai Koryu Kyokai)</i>	Pt	Miy	1:00pm-5:00pm	077-551-0293
Koka	Munisipyo Shimin katsudo Suishin-ka	Pt, Es, ICT	Lun~Biy	8:30am-5:15pm	0748-69-2146
		Vi	Lun, Mar, Huw, Biy	10:00am-5:00pm	
	Munisipyo Kosodate Seisaku-ka	Pt, Es, ICT	Miy	10:00am- 2:00pm	0748-69-2176
	Munisipyo Seikatsu Shien-ka	Pt, Es, ICT	Lun~Biy	9:00am- 4:00pm	
	Koka International Society Koka Multicultural Center	Pt, Es, En, ICT	Lun~Biy	8:30am- 5:15pm	0748-69-2158
Yasu	Munisipyo Sogo Chosei-ka bawat departamento	ICT	Mar~Lin	9:00am- 5:00pm	0748-70-3721
	Yasu Int'l Friendship Association <i>(Yasu-shi Kokusai Kyokai)</i> sa may Minami-bekkan	En	Lun~Biy	8:30am- 5:15pm	077-587-6039
Konan	Munisipyo Higashi Chosha 1F Jinken Yogo-ka	Pt, ICT	Lun~Biy	8:30am- 5:15pm	0748-71-2354
	Munisipyo Nishi Chosha 4F Konan Int'l. Association <i>(Konan-shi Kokusai Kyokai)</i>	Pt, ICT Vi (1beses/buwan)	Lun~Biy	8:30am- 5:00pm	0748-69-7530
Takashima	Takashima Int'l Friendship Assn. <i>(Takashima-shi Kokusai Kyokai)</i> Imazu Higashi Community Center	En, Vi	Iregular (kailangan ng appointment)		0740-20-1180
Higashiomi	Munisipyo Shinkan Shimin Seikatsu Sodan-ka	Pt, ICT	Lun~Biy	9:00am- 5:00pm	0748-24-5521
Maibara	Munisipyo Santo Shisho Chiiki Shinko-ka	Pt, ICT	Lun~Biy	9:00am- 4:45pm	0749-53-5172
	Maibara Multicultural and Int'l Assn. <i>(Maibara-shi Tabunka Kyosei Kyokai)</i> Santo shisho bekkann 2F	Pt	Lun~Biy	9:00am- 4:45pm	0749-56-0577
		Zh	Lun~Huw	9:00am- 3:00pm	
Hino	Bulwagan ng bayan Jumin-ka	Pt, ICT	Lun, Miy, Huw	9:00am-5:00pm	0748-52-6571
Aisho	Bulwagan ng bayan Echigawa-Chosha Mirai Sosei-ka	Pt, ICT	Lun, Mar, Biy Miy, Huw	8:30am- 5:15 pm 8:30am- 4:30pm	0749-29-9046
Prepektura ng Shiga	Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA) Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhan Residente ng Shiga	Pt, Es, En Vi, Tl, ICT	Lun~Biy	10:00am-5:00pm	077-523-5646

Mga Silid-aralan ng Wikang Hapon sa Shiga



Lugar	Silid-aralan	Lokasyon	Araw at Oras		Telepono
Otsu	OIGA Klase sa Hamaotsu	Otsu Kokusai Koryu Salon	①Biy 1:30-2:30pm, ②7:00-8:00pm		077-525-4711
	OIGA Klase sa Katata	Katata Community Center	Huw	10:00-11:45am	
	Nihongo no kai	Otsu Kominkan	Huw	10:00-12:00pm	090-1479-5468
	Omi Nihongo Fureai Club	Seta-kita Kominkan	Sab	7:30-9:10pm	077-523-1061
	Tabunka Kyosei Shien Club	Seta Kominkan 2F	Biy	7:00-8:30pm	077-543-9414
Hikone	Weekday Nihongo Kyoshitsu	Innovation Office Nayashichi	Lun~Biy ②11:00-12:20pm ④3:00-4:20pm	①9:30-10:50am ③1:30-2:50pm	070-5661-7345
Nagahama	Nagahama UNESCO Kyokai Nihongo Kyoshitsu	Kokusai Bunka Koryu House GEO	Miy, Sab	7:00-8:30pm	0749-65-6552
	Tanoshii Nihongo		Mar	6:30-8:00pm	0749-63-4400
Omi-hachiman	Nihongo Koryu Kyoshitsu Tanpopo	Kaneda Community Center	Sab	7:00-9:00pm	0748-26-7092
	Nihongo Koryu Kyoshitsu Azuchi	Azuchi Community Center			
	Nihongo Koryu Kyoshitsu Nakayoshi	Kaneda Community Center	Miy	10:00-11:30am	
Kusatsu	Olive	Kirarie Kusatsu	Sab	7:00- 8:40pm	077-565-9215
	SHIPS Nihongo Kyoshitsu	Tabunka Kyosei Shien Center	Miy, Biy	10:30-12:00pm	077-561-5110
	KIFA Nihongo Hiroba “Kizuna”	Ritsumeikan Univ. BKC	Sab	10:20-12:00pm	077-561-2322
Moriyama	Moriyama Nihongo Kyoshitsu	Moriyama	Pang-1~4 (Sab)	10:00-11:50am	077-583-4653
	Nihongo Salon	Shimin Koryu Center	Lun~Biy	10:00-12:00pm	090-8648-9749
Ritto	RIFA Nihongo Kyoshitsu	Community Center Daiho	Pang- 2.4 (Sab) Pang-3 (Lin)	10:15-11:45am	077-551-0293
Koka	KIS Ninja Nihongo Kyoshitsu	Minakuru PLaza	Sabado	7:30-9:10pm	0748-63-8728
	KIS Nihongo Kyoshitsu “Niji”	Maroom, Minakuru Plaza	Lunes	2:00-3:30pm	
	Hajimete no Nihongo	Minakuru Plaza	(kailangan sumangguni muna)		0748-70-3721
Yasu	YIFA Nihongo Kyoshitsu	Yasu International Assn.	Maaring pag usapan ang eskedyul		077-586-3106
Konan	KIA Nihongo Kyoshitsu Ishibe	Ishibe Machizukuri Center	Lun 2:00-3:30pm Huw 7:00-8:30pm		0748-69-7530
	KIA Nihongo Kyoshitsu Mito	Mito Community Center	Sabado 6:30-8:00pm		
	Caminando	Mikumo Chiiki Jinken Fukushi Shimin Koryu Center	Lun, Miy	7:00-9:00pm	090-1448-3350
Takashima	Takashima International Assn. (Kokusai Kyokai) Nihongo Kyoshitsu	Imazu Higashi Community Center	Maaring pag usapan ang eskedyul		0740-20-1180
	Nihongo de Hanaso	Shin-asahi Kominkan	1 beses/buwan (kailangan sumangguni muna)		
Higashiomi	Yokaichi Nihongo Kyoshitsu Boluntaryong Grupo	Higashiomi International Friendship Association	Sab Pang-1~3 (Lin)	1:30-3:00pm 1:30-3:00pm	050-5802-9606
	Notogawa Nihongo Kyoshitsu	Notogawa Community Center	Pang-1~3 (Lin)	1:30-3:00pm	
Maibara	Maibara Nihongo Kyoshitsu	Munusipyo ng Maibara Santo shisho bekkann(annex)	Sab	9:30-11:00am	0749-56-0577
Aisho	Aisho Int'l Friendship Assn. Volunteer Nihongo Kyoshitsu	Echigawa Kominkan	Sab, Lin ②1:30-3:00pm	①10:00-11:30am ③3:15-4:45pm	070-5593-1769
Toyosato	Nihongo Yomikaki Kyoshitsu	Toyosato Rinpokan	Pang-2.4 (Sab)	2:00-4:00pm	0749-35-0611
Online	ONRITANS	Online Class	Lun~Biy / maaring pag usapan ang eskedyul		satorubox@gmail.com

Impormasyon sa Mimitaro

◆ Pagdiriwang sa tag-init na panahon sa Shiga

- Shigaraki Hi Matsuri Hulyo 19 (Sab)
Atagoyama Toki Jinja Nagano Shigaraki-cho Koka-shi
- Ohara Gion Matsuri Hulyo 23(Miy), 24(Huw)
Otori Jinja 783 Toriino Koka-cho Koka-shi
- Moriyama Natsu/Tag-init Matsuri Hulyo 26 (Sab)
Palibot sa may west-gate sa estasyon ng Jr Moriyama

◆ Pagdiriwang ng Paputok/Hanabi Taikai

- Echigawa Gion Noryosai Fireworks Festival/Hanabi Taikai Hulyo 19 (Sab)
- Koka-ryu Ninnin Daihanabi/ Grand Fireworks Display
- Biwako Daihanabi Taikai/Biwako Grand Fireworks Display Agosto 8 (Biy)
- Nagahama Kitabiwako Hanabi Taikai/Grand Fireworks Display Setyembre 17, 18, 19 (Miy, Huw, Biy)



◆ Natsu no Odekake Spots/Mga lugar na maaring mapasyalan sa tag-init na panahon

- Lake Biwa Museum 1091 Oroshimo-cho Kusatsu
Isang museo kung saan maaari mong matutuhan ang tungkol sa Lawa ng Biwa/Biwako
- Otsu City Science Museum/Otsu-shi Kagaku-kan
6-50 Honmaru-cho Otsu-shi
Makikita ang planetaryum at simboryo ng astronomiya
- Koka Ninja House (Koka-ryu Ninjutsu Yashiki)
2331 Ryuboushi Konan-cho Koka
Makipagsapalaran sa mundo ng mga Ninja sa mismong tirahan ng mga ito.
- Minakuchi Children's Forest Nature Park and Museum /Minakuchi Kodomo no Mori Shizenkan
10 Kitanaiki Minakuchi-cho Koka
Isang parke at museong nakatema sa "Satoyama/hating likas na kapaligiran na bahagyang hinubog ng aktibidad ng tao"

◆ Pang-79 Pambansang Paligsahan sa Isport

"Wata-SHIGA Kagayaku Koku-supu"

Setyembre 28 (Lin) ~ Oktubre 8(Miy)

Pang -24 Pambansang Paligsahan sa Isport para sa mga may kapansanan

"Wata-SHIGA Kagayaku Sho- supu"

Oktubre 25 (Sab) ~ 27 (Lun)

Ang taunang pinakamalaking paligsahan ng Isports sa Japan ay gaganapin sa Shiga ngayong taon! Alamin ang mga detalye sa homepage



<https://shiga-sports2025.jp/>

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang

Residente sa Shiga (sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601

email: mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Oktubre

Balita mula sa Mimitaro

◆ Notesiya tungkol sa Pambansang Sensus

- Simula Oktubre 1, 2025, isasagawa ang pambansang sensus na naglalayon sa lahat ng tao (kabilang ang mga dayuhang mamamayan) na naninirahan sa Japan.
- Ang Pambansang Sensus ay ang pinakamahalagang istatistikal na pagsisiyasat sa Japan, na isinasagawa isang beses tuwing ika- limang taon.
- Mula kalagitnaan ng Setyembre, bibisita sa bawat sambahayan ang mga tagapagsiyasat at mamahagi ng dokumento para sa sensus.
- Ang lahat ng mga naninirahan sa Japan ay obligadong sasagutan ito, kaya mangyaring magsumite ng sagot
- Inirerekomendang sagutan ito sa pamamagitan ng online bilang isang mabilis na paraan para maisumite ang inyong mga sagot
- Para sa higit pang mga detalye, mangyaring tingnan ang website sa ibaba.



Sensus 2025 **[Hanapin]**

<https://www.kokusei2025.go.jp/about/en>

◆ Multilinggwal na konsultasyon sa telepono para samga alalahanin sa mga bata

Nagbibigay kami ng konsultasyon sa ilang wika para sa mga alalahanin sa mga bata at kabataan, pati na rin ang mga alalahanin ng mga magulang at tagapangalaga sa pagpapalaki ng mga bata.

Konsultasyon sa telepono/may nakahandang Interpreter Portuges, Espanyol, Inglis, Intsek, Indonesia, Vietnamese, Tagalog, Pranses, Rusiya, Nepali, Korean,
Tel: 077-524-2030

Panahon Hulyo 16 (Miy) ~Setyembre 15 (Lun)

5pm ~9pm (Shiga-ken kodomo kosodate

Ouen Center (Sentro ng Suporta sa Pagpapalaki sa mga bata sa Prepektura ng Shiga) (Kokoron Diyalo)



◆ Magsasagawa muli ngayong taon ng "Patnubay para sa pagpili ng karera" para sa mga batang may dayuhang pinagmulan at sa kanilang mga magulang at tagapag-alaga

Petsa at Oras: Oktubre 12 (Lin) 1:30 ~ 4:00pm

Lugar: Yasu Bunka Gekijo, Shou Gekijo

Kontakin: Shiga Intercultural Association

for Globalization Tel: 077-526-0931

◆ Pinagsamang Konsultasyong-propesional (sa mga dalubhasa) para sa mga dayuhan

Nag-aalok ng iba't ibang konsultasyon tulad sa isyu ng paninirahan, trabaho, pang-araw-araw na pamumuhay, karapatang pantao at iba pa. Personal na konsultasyon/may nakahandang interpreter/30 minuto bawat tao/bukas ang mga reserbasyon simula kalagitnaan ng Agosto.

Petsa: Oktubre 20 (Lun) 1:00 ~ 5:00pm

Lugar: Otsu Biwako Godo- chosha 1F Kyoyo kaigi-shitsu

Nag organisa: Kawanihan ng Imigrasyon ng Osaka

Para sa buong detalye ianunsiyo sa Facebook mamaya

Kontakin: Sentro ng Impormasyon para sa

mga Dayuhang Residente ng Shiga

Tel: 077-523-5646



Facebook